## Pagbubuod...

Ang kanser sa cervix ay ang ikalimang pinakakaraniwang kanser sa mga kababaihan saedad ng 50 taon sa Italya (AIOM, 2020). Mainam na ulitin ang Pap test nang regular tuwing tatlong taon, mula 25 hanggang 29 na taong gulang, at ang HPV test tuwing limang taon, mula 30 hanggang 64 taong gulang, dapat mag pa screening kahit wala kang nararamdaman; hindi kinakailangan na subukan sa mas maikling pamamaraan at sundin ang pagitan ng screening ng lahat ng kababaihan. Para sa mas magandang resulta ng pagsusuri, mabuting sundin ang mga panuntunang ito: 48 oras na dapat ang lumipas mula noong huling pakikipagtalik e 3 araw mula sa paggamit ng douches o vaginal creams. Ang araw ng apuntamento ay hindi kailangang tumugma sa daloy ng regla tatlong araw bago o pagkatapos ng regla.

Ang parehong mga pagsusuri ay maaari ding isagawa kong ikaw ay buntis, kailangan lang na ikaw ay mga referral mula sa iyong doktor o gynecologist. Kung hindi ka pa nakatanggap ng imbitasyon mula lokal ng sentro screening o hindi ka pa nakasali sa programa, maaari kang tumawag na walang bayad sa kanilang numero ng telefono para sa iyong apuntamento. Ang mga dayuhan o mamamayang sa Europa na may hawak ng STP o ENI card ay maaari ding kumuha ng apuntamento.

Ang lahat ng personal na data na nakolekta ay napapailalim sa mga patakaran sa pagiging kumpidensyal at proteksyon ng data. Sa araw ng pagsusuri ay ibibigay ang isang sumusuportang sertipiko para sa pagliban sa trabaho kong ikaw ay nangangailangan nito. Para sa iba impormasyon o para magpalit ng apuntamento tumawag sa walang bayad na numero ng iyong lokal na sentro pangkalusugan.

*AIOM 2020

| ASL | Screening | Numero Verde | Orari |
|---|---|---|---|
| Roma 1 | Mammella<br>**Cervice**<br>Colon Retto | 800 536 693 | da Lun a Ven<br>8:00-17:00 |
| Roma 2 | Mammella<br>**Cervice**<br>Colon Retto | 800 405 051 | da Lun a Ven<br>8:00-18:00 |
| Roma 3 | Mammella<br>**Cervice**<br>Colon Retto | 800 634 634 | da Lun a Ven<br>8:30-17:00 |
| Roma 4 | Mammella<br>**Cervice**<br>Colon Retto | 800 539 762 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00 |
| Roma 5 | Mammella<br>**Cervice**<br>Colon Retto | 800 894 549 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00<br>e 14:00-17:00 |
| Roma 6 | Mammella<br>e Colon Retto | 800 430 264 | da Lun a Ven<br>15:00-19:00 |
| | **Cervice** | 800 160 622 | |
| Viterbo | Mammella<br>**Cervice**<br>Colon Retto | 800 840 359 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00 |
| Rieti | Mammella<br>**Cervice**<br>Colon Retto | 800 646 999 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00 |
| Latina | Mammella<br>**Cervice**<br>Colon Retto | 800 065 560 | da Lun a Ven<br>9:00-13:00<br>da Lun a Gio<br>15:00-17:00 |
| Frosinone | Mammella<br>**Cervice**<br>Colon Retto | 800 003 422 | da Lun a Ven<br>9:30-13:30 |

**Per prenotare gli esami di screening scansionare il QR code**
*prenotascreening.regione.lazio.it*

MEDECINS SANS FRONTIERES
MEDICI SENZA FRONTIERE

*Tradotto in Tagalog da Medici Senza Frontiere nell'ambito del protocollo d'intesa con l'ASL Roma 2.*

**www.salutelazio.it**

# PAP HPV TEST

## LE ABITUDINI CHE FANNO BENE




**PROGRAMA SA PAGSUSURI NG KANSER SA KUWELYO NG MATRIS**

LIBRE PARA SA MGA BABAENG MAY EDAD MULA
**25 HANGGANG 64 NA TAONG GULANG**

SALUTE LAZIO
SISTEMA SANITARIO REGIONALE

REGIONE LAZIO

## Bakit ka nakakatanggap ng imbitasyon mula sa iyong lokal na awtoridad pangkalusugan?

Upang paalalahanan ang kababaihan na posibleng makaiwas sa pamamagitan ng regular na pagpapatupad ng dalawang simpleng pagsubok: ang Pap test (bawat tatlong taon mula 25 hanggang 29 taon) at HPV HR (bawat limang taon mula 30 hanggang 64 na taon), na tumutukoy sa maagang mga problema sa serviks. Ang layunin ay agad matuklasan at maalis kung mayroon mang mga tumor, kahit walang anumang sintomas ay agad malalaman, upang gamutin ang mga ito at maiwasan ang kanilang posibleng pagdami sa carcinoma.

Ang Programg Screening ay inaalok ng walang bayad, mula sa mga Pap test at HPV tests hanggang sa mga malalim na pagsusuri at sa anumang paggamot na maaaring kailanganin. Kung hindi ka pa nakatanggap ng imbitasyon mula sa local na sentrong pangkalusugan o hindi ka pa nakasali sa programang screening, maaari kang tumawag sa kanilang numero ng telepono na walang bayad upang magtanong o mag pa apuntamento.

## Ano ang Pap test?

Isang sample ng ilang mababaw na selula sa leeg ng matris, na isinasagawa gamit ang isang spatula, upang suriin anumang pagbabago sa tissue. Ito ay isinasagawa tuwing tatlong taon sa pangkat ng edad mula 25 hanggang 29 na taong gulang.

## Ano ang pagsusuri sa HPV?

Isang sample ng ilang mababaw na selula sa leeg ng matris, na isinasagawa gamit ang isang spatula, upang makita ang posibleng pagkakaroon ng Papilloma virus. Ang HPV (tinatawag ding DNA HPV test) ay isinasagawa tuwing limang taon sa kababaihan na may edad 30 hanggang 64 taong gulang.

## Bakit dalawang magkaibang pagsusuri?

Dahil ipinakita ng siyentipikong pananaliksik na ang pagsusuri sa HPV ay nakaka pag diagnos ng mas marami kaysa sa resulta ng Pap test. Ang pagiging epektibo nito ay malawak na ipinakita para sa mga kababaihan sa pagitan ng 30 at 64 taong gulang. Impeksyon sa Napakataas ng HPV hanggang 25 taong gulang at pagkatapos ay kusang bumabalik sa 80% ng mga kababaihan.
Kung nagpapatuloy pagkatapos ng edad na 30 ito ay ipinakita na ito ay maaaring maging sanhi ng precancerous lesyon sa serviks. Sa mga kababaihan mas bata sa edad ng screening (25-29 na taon) ang pagsusuri sa HPV ay nakakahanap ng maraming impeksyon kusang gumaling ng mag isa, lalo na magpapagamot na hindi naman epektibo at hindi karapatdapat na may mataas na panganib.
Para sa kadahilanang ito,sa pagitan ng 25 at 29 taong gulang ang Pap test nananatili itong mabisa at epektibong pagsususuri.

## Masakit ba ito?

Hindi, sa ilang mga kababaihan ang kinakailangang pagbubukas na may speculum ay maaaring makaranas sila ng hindi comportableng sensasyon sa loob ng ilang minuto.

## Pagkatapos lumabas ang Pagsusuri?

Sa kaso ng isang negatibo o normal na resulta, ang sentro screening ay nagpapadala pormal ng resulta ng pagsusuri sa pamamagitang ng liham dalang sulat at nagpapadala ng bagong imbitasyon para ulitin ang pagsusuri tuwing 3 o 5 taon depende sa pangkat ng edad. Kung sakaling positibo ang resulta,at ilang diagnosis, ang lokal na sentro pang kalusugan ay nakikipag-ugnayan nagpapasuri sa pamamagitan ng telepono upang anyayahan siya sa isang masinsinang pagsusuri colposcopy. Anumang karagdagang pagsisiyasat at kasunod na paggamot, kung kinakailangan, okal na awtoridad sa kalusugan ay isang mag pag paapuntamento. Lahat ay walang bayad.

## Dapat ba akong magtiwala?

Ang mga pgsusulit ay binabasa sa isang Cytology Center, na kwalipikadong may karanasan sa biomolecular analisis, na sinusuri ang hindi bababa sa 15,000 na pagsusuri bawat taon para sa Pap test at hindi bababa sa 500 para sa pagsusuri sa HPV-DNA. Lahat ng mga pamamaraan sinusunod nila ang mga pambansa at European na alituntunin at napapailalim sa mga kontrol sa kalidad nito.

